



Gabay sa COVID-19 para sa Mga Multifamily na Residensyal na Gusali

Mayo 16, 2020

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad, at ipopost sa <http://www.sfcddcp.org/covid19>. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, availability ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE), at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga may-ari at manager ng gusali, tauhan at residente ng mga apartment, condominium, at multifamily unit na tirahan.

BACKGROUND: May transmisyon ng COVID-19 sa komunidad ng San Francisco sa kasalukuyan. Ang lahat ng residente ng San Francisco ay dapat manatili sa bahay hangga't posible, dapat nilang isiping puwede silang malantad sa COVID-19, at dapat silang maging alerto para sa pagkakaroon ng mga sintomas ng COVID-19. Sa pangkalahatan, hindi malala ang nararansang sakit ng mga taong nagkakaroon ng COVID-19, at puwede silang magpagaling sa bahay. Hindi inaatasan ang mga residente ng gusali na ipaalam sa pamunuan ng gusali o sa kanilang mga kapitbahay kung sila ay magkakasakit o magpopositibo sa COVID-19. Ang mga pinakaepektibong pag-iingat na puwedeng gawin ng mga may-ari at manager ng gusali para mabawasan ang posibleng pagkakalantad at mapaliit ang posibilidad ng transmisyon ng COVID-19 sa mga residente at tauhan ay pagdistansya sa isa't isa at regular na paglilinis ng paligid.

Anong mga partikular na pag-iingat ang puwedeng gawin ng mga may-ari at manager ng gusali para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa gusali?

Regular na linisin ang paligid:

- Tiyaking regular na lilinisin at idi-disinfect ang mga lugar na maraming gumagamit (common area) gaya ng mga lobby, elevator, laundry room, at hagdan. Tingnan ang <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html>
- Araw-araw na linisin at i-disinfect ang lahat ng surface na madalas hawakan gaya ng mga hawakan ng pinto, railing ng hagdan, button ng elevator, reception desk, push plate, at kagamitan sa laundry room.
- Kung marumi ang mga surface, dapat linisin ang mga ito gamit ang detergent o sabon at tubig bago i-disinfect.
- Para sa pag-disinfect, sapat na ang mga pinakakaraniwang disinfectant sa bahay na nakarehistro sa Ahensya para sa Pagprotekta sa Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA). Makakakita sa <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2> ng listahan ng mga produktong inaprubahan ng EPA para sa paggamit laban sa virus na nagdudulot ng COVID-19.
- Sundin ang mga tagubilin ng manufacturer para sa lahat ng produkto para sa paglilinis at pag-disinfect (hal., concentration, paraan ng paggamit at tagal ng paggamit, atbp.).

Magpatupad ng mga patakaran at kagawian para sa pagdistansya sa isa't isa:

- Palawakin ang aktwal na distansya sa pagitan ng mga empleyado at residente (humigit-kumulang 6 na talampakan o 2 metro). Dapat patuloy na dumistansya sa isa't isa ang mga tauhan at occupant ng gusali kapag kumukuha sila ng mga package o sulat, at kapag pumapasok o lumalabas sila sa gusali.



- Sa isang malaking gusali kung saan puwedeng mag-iwan ng mga package sa lobby o sa mga tauhan sa front desk, dapat na pag-isipan ng mga tauhan ng gusali na tulungan ang mga occupant ng gusali sa pamamagitan ng paghahatid ng kanilang mga delivery sa kani-kanilang pinto.
- Ang ilang serbisyo sa food delivery ay mayroon ding seksyon para sa “special instructions (mga espesyal na tagubilin)” kung saan puwedeng maglagay ang mga indibidwal ng higit pang impormasyon at kahilingan, halimbawa, na i-deliver ang mga package sa pinto, o na mag-text/tumawag at iwanan ang mga package sa pinto, nang sa gayon ay mabawasan ang harapang pakikipag-ugnayan at ang paghawak ng mga surface.
- Ipagpaliban ang pagmementina o mga showing na hindi kinakailangan kaagad. Ang sinumang tauhan o ang iba pang tao na papasok sa isang unit ay dapat maghugas ng mga kamay, dumistansya sa iba, at maglinis at mag-disinfect ng mga lugar ng trabaho pagkatapos.
- Isara o limitahan ang access sa mga lugar na maraming gumagamit gaya ng mga gym, party room, lounge, at swimming pool dahil posibleng mahirap dumistansya sa isa't isa sa mga lugar na ito.
- Limitahan ang paggamit ng mga espasyong maraming gumagait, gaya ng mga pet relief area, computer lab, at storage room. Gamitin lang ang mga espasyong ito kung puwedeng magpanatili ang mga tao ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo sa isa't isa sa lahat ng pagkakataon.
- Puwedeng patuloy na gamitin ng mga residente ang mga shared na laundry room. Kung maliit ang kwarto, dapat pag-isipan ng pamunuan ng gusali na magpaskil ng karatula at limitahan ang bilang ng mga taong gumagamit sa laundry room nang sabay-sabay para matiyak ang pagdistansya sa isa't isa. May available na karagdagang karatula para sa paggamit ng mga shared na pasilidad para sa paglalaba; tingnan ang <https://www.sfcddcp.org/wp-content/uploads/2020/04/COVID19-Using-Shared-Laundry-Facilities-FINAL-04.15.2020.pdf>

Anong mga partikular na pag-iingat ang puwedeng gawin ng mga residente para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa gusali?

- Manatili sa bahay (lalo na kung mayroon kang sakit).
- Limitahan ang mga hindi kinakailangang paglabas ng bahay (mga grocery, pangangalagang pangkalusugan, gasolina).
- Magsuot ng takip sa mukha o maskara kapag lumalabas ng iyong apartment o bahay.
- Limitahan ang bilang ng mga occupant sa elevator para maiwasan ang malapitang pakikisalamuha sa isang saradong espasyo. Dapat tumayo ang mga occupant malapit sa apat na sulok ng elevator at nang malayo sa isa't isa, at dapat silang magsuot ng takip sa mukha na gawa sa tela. Dapat pag-isipan ng mga tao na sumakay lang ng elevator kung mga miyembro ng kanilang sambahayan ang kasama, o kaya ay na gumamit ng hagdan, o hintayin ang susunod na elevator.
- Kung hindi ka isang kinakailangang worker, at hindi ka aalis sa gusali para pumasok sa trabaho, gamitin ang mga espasyong maraming gumagamit pagkalipas ng 9 AM at bago mag-5PM para mabawasan ang dami ng gumagamit sa mga lugar na iyon.
- Mga bisita lang na nagbibigay ng mga kinakailangang serbisyo ang payagan. Kasama rito ang mga serbisyong hindi makakapaghintay at hindi puwedeng gawin sa telepono o online.
- Limitahan ang iyong mga online na pagbili sa mga kinakailangan para mabawasan ang dami ng tao sa mga mailroom at lobby.



- Iwasang bisitahin ang iba pang tenant maliban kung para magbigay ng tulong. Mag-isip ng mga malikhaing paraan para makaugnayan ang ibang tao nang malayuan. Tumawag, makipag-conference call, at online na makipagkumperensya gamit ang video para sa trabaho, mga pulong, at para makaugnayan ang mga kaibigan at kapamilya.
- Tandaang posibleng kailanganing magpatuloy ng ilang konstruksyon at emergency na pagkukumpuni sa iyong gusali para matugunan ang mga hindi ligtas na kundisyon at iba pang pangangailangan na hindi na makakapaghintay. Kung kailangan ng mga worker na pumasok sa iyong unit para sa pagkukumpuni, buksan ang mga bintana pagkarating nila, magsuot ng takip sa mukha, at magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya habang sila ay nasa unit.
- Tumawag sa opisina ng pamunuan o sa front desk sa halip na personal na pumunta, kung posible. Magpanatili ng naaangkop na pisikal na distansya kung kailangan ng mga residente na direktang makipag-ugnayan sa pamunuan o mga tauhan.

Magsagawa ng Maayos na Kagawian at Regular na Paglilinis

- Hugasan nang madalas ang kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo. Kung walang pasilidad para sa paghuhugas ng kamay, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alcohol.
- Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, o bibig nang hindi pa naghuhugas ng mga kamay.
- Takpan ang iyong bibig at ilong gamit ang tissue o ang manggas mo kapag umuubo o bumabahing ka.
- Huwag maghiraman ng mga personal na gamit gaya ng mga baso, kubyertos, at tuwalya.
- Regular na i-disinfect at linisin ang mga surface na madalas hawakan. Kasama rito ang mga telepono, keyboard, mesa sa kusina, inidoro, gripo, at hawakan ng pinto. Epektibo ang mga karaniwang produkto para sa paglilinis laban sa COVID-19; tingnan ang seksyon tungkol sa Paglilinis ng Paligid sa itaas.

Gumawa ng plano

- Suriin ang gabay ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) para sa mga miyembro ng sambayanan, ang Ihanda ang Iyong Tahanan: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/daily-life-coping/get-your-household-ready-for-COVID-19.html>

Gabay para sa Mga Manager at May-ari ng Gusali

Hikayatin ang mga residente at tauhan na dumistansya sa isa't isa, nang nagpapanatili ng 6 na talampakang pagitan, at magsuot ng face mask na gawa sa tela o iba pang takip sa mukha sa mga lugar ng gusali na maraming gumagamit.

Suportahan ang mga tauhan sa pagdistansya sa isa't isa at sa pagsunod sa utos na Manatili sa Bahay.

- Payagan ang mga tauhang mag-telecommute at gumamit ng flexible na pagliban sa trabaho kung posible.
- Magpaskil ng impormasyon sa mga lugar ng mga tauhan, espasyong maraming gumagamit, at entrance tungkol sa mga pagkilos na dapat gawin ng lahat para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19.



- Ibahagi sa mga residente ang impormasyon tungkol sa COVID-19 sa iba't ibang wika.
- Magbigay ng gabay sa mga tauhan tungkol sa pagdistansya sa isa't isa, paghuhugas ng kamay, at pamproteksyong gear para sa kanilang mga tungkulin.

Makikita ang mga materyales na ito sa SF.gov sa: <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>

Pamahalaan ang Paggamit ng Mga Lugar na Maraming Gumagamit

Magpaskil ng mga karatula sa mga lugar na maraming gumagamit:

Dapat magpaskil ang lahat ng espasyo ng mga paalala sa pagdistansya sa isa't isa sa lahat ng Nakabukas na Lugar na Maraming Gumagamit

Makikita ang mga materyales na ito sa SF.gov sa: <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>

- Lobby
- Bike room
- Garahe

Subaybayan ang Mga Utos sa Kalusugan ng SF

Naka-post ang Mga Utos at Direktiba sa Kalusugan sa

<https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp>

Bilang pagsunod sa Utos sa Kalusugan ng SF noong Marso 31, 2020, Dapat ISARA ang Mga Lugar na Ito

Mga Lugar na Maraming Gumagamit – kasama ang, pero hindi limitado sa:

- Silid-aklatan
- Lounge
- Playroom ng Mga Bata

Mga Pasilidad para sa Pag-eehersisyo – kasama ang, pero hindi limitado sa:

- Gym
- Basketball/Racquetball/Tennis Court
- Dance Floor
- Yoga Studio

Conference/Meeting Room

Pribadong Dining Room

Mga Dog Park at Dog Run

Mga Outdoor na Amenity – kasama ang, pero hindi limitado sa:

- Mga deck/roof deck
- Ihawan /BBQ/Firepit
- Palaruan



- Mga Pasilidad na Pool
 - Hot Tub/Spa
 - Sauna/Steam Room
 - Massage/Spa treatment room

Mga Pasilidad na Panlibangan – kasama ang, pero hindi limitado sa:

- Game Room/Billiards Room
- Sinehan/Screening Room
- Mga TV Room

Puwedeng MAGBUKAS ang Mga Lugar na Ito Nang May Mga Paghihigpit

Business Center/Business Lounge

- Sheet sa pag-sign up na may pangalan/unit # para makapagpareserba ng oras (para mapadali ang contact tracing kung may magpopositibo sa COVID-19 kalaunan).
- Magbigay ng mga supply para makapaglinis/makapag-disinfect pagkatapos ng bawat paggamit (mga hawakan ng pinto, keyboard/mouse/mouse pad, desk, upuan, monitor, iba pang kagamitan, atbp.).
- Limitahan ang shared na paggamit para masunod ang pagdistansya sa isa't isa (hindi dapat bababa sa 6 na talampakan ang pagitan ng mga tao). Alisin ang mga sobrang upuan/computer.

Mail room - Magpaskil ng mga paalala sa pagdistansya sa isa't isa

Dog Wash/Pag-groom ng Alagang Hayop

- Sheet sa pag-sign up na may pangalan/unit # para makapagpareserba ng oras (para mapadali ang contact tracing kung may magpopositibo sa COVID-19 kalaunan)
- Magbigay ng mga supply para makapaglinis/makapag-disinfect pagkatapos ng bawat paggamit (mga hawakan ng pinto, switch ng ilaw, mesa at countertop, upuan, gripo, atbp.)

Music Practice Room

- Sheet sa pag-sign up na may pangalan/unit # para makapagpareserba ng oras (para mapadali ang contact tracing kung may magpopositibo sa COVID-19 kalaunan)
- Magbigay ng mga supply para makapaglinis/makapag-disinfect pagkatapos ng bawat paggamit (mga hawakan ng pinto, switch ng ilaw, shared na instrumentong pangmusika, iba pang kagamitan, atbp.)

Pamahalaan ang mga bisita

- Limitahan ang access sa mga bisita. Patuloy na payagan ang mga kinakailangang bisita, gaya ng mga home care worker, healthcare worker, at emergency na pagmementina.



- Hikayatin ang mga residenteng makipag-ugnayan sa mga kapamilya at kaibigan sa pamamagitan ng telepono at/o online, at ipagpaliban ang mga hindi kinakailangang pagbisita.
- Kung posible, limitahan ang access ng bisita sa iisang entrance lang sa iyong gusali para madali itong masubaybayan ng mga tauhan.
- Magpaskil ng mga karatula sa mga entrance na nagsasabi sa mga kinakailangang bisita na huwag pumasok kung mayroon silang sakit o kung malapitan nilang nakasalamuha ang isang taong posibleng may o mayroong COVID-19.
- Magpaskil ng mga karatulang nagsasabi sa mga bisitang limitahan ang kanilang pagkilos sa gusali at ang paggamit nila ng mga lugar na maraming gumagamit.
- Magsagawa ng mga virtual tour ng mga apartment at condominium gamit ang mga app gaya ng FaceTime o Google Duo. Kung walang ganoon, magpadala ng mga larawan ng living space sa mga potensyal na residente.
- Kung kailangan mong magsagawa ng personal na tour, tiyaking magpapanatili ang lahat ng tao ng 6 na talampakang pagitan. Huwag magpapasok ng mahigit sa dalawang tao sa isang unit sa bawat pagkakataon. Halimbawa, payagan ang potensyal na residente na tumingin ng mga kwarto habang nasa labas o nasa ibang kwarto ang mga tauhan.
- Bago magsagawa ng personal na tour sa isang okupadong unit, hingin muna ang ganap na pahintulot ng kasalukuyang tenant. Kung tatanggi ang tenant, virtual na gawin ang tour.

Alamin ang mga alituntunin sa residensyal na konstruksyon

- Sa ilalim ng bagong Utos sa Kalusugan noong Mayo 5, puwede nang magpatuloy ang lahat ng proyekto sa konstruksyon, basta't nakakasunod ang mga ito sa Mga Protokol sa Kaligtasan ng Proyekto sa Konstruksyon na inilabas bilang bahagi ng Utos (tingnan ang <https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp>)
- Dapat magsagawa ng mga hakbang ang mga supervisor ng aktibidad sa konstruksyon para maprotektahan ang mga worker at residente. Dapat tiyakin ng mga supervisor na magpapanatili ang lahat ng indibidwal ng hindi bababa sa 6 na talampakang pagitan, dapat silang magtakda ng mga istasyon para sa paghuhugas ng kamay o pag-sanitize sa pagitan ng mga unit, magbigay ng proteksyon para sa mga worker, at magsagawa ng iba pang hakbang.

Subaybayan ang kalusugan ng mga tauhan

- Suriin ang mga tauhan nang personal o sa pamamagitan ng telepono para sa mga sintomas ng virus sa simula ng bawat araw. Hindi dapat pumasok sa trabaho ang sinumang may lagnat, panlalamig, paulit-ulit na pangginginig/pangangatog, ubo, pananakit ng lalamunan, pangangapos ng hininga o problema sa paghinga, hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo, bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, sipon o baradong ilong, o pagtatae.
- Hindi rin dapat pumasok sa trabaho ang mga taong may malaking posibilidad na maimpeksyon. Kasama sa mga salik ng panganib ang edad na 60 pataas, pagkakaroon ng dati nang kundisyon sa kalusugan (hal., mataas na presyon ng dugo, sakit sa puso, diabetes, sakit sa baga), o mahinang immune system, at pagiging buntis.



Magsagawa ng mga pag-iingat kung may kaso sa iyong komunidad ng pabahay

- Kung sa palagay mo ay may o posibleng may COVID-19 ang isang tao sa komunidad ng pabahay mo, huwag ibahagi ang kanyang personal na impormasyon sa kalusugan. Ang pagkakakilanlan ng tao ay pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan.
- Maglinis at mag-disinfect nang mabuti ayon sa mga rekomendasyon ng CDC:
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html>
- Kung hindi alam ang pagkakakilanlan ng isang kaso, hindi dapat pumasok ang mga bisita at tauhan sa unit. Kung kinakailangan ng emergency na pagkukumpuni, dapat buksan ng residente ang lahat ng bintana, dapat siyang magsuot ng surgical mask, at dapat siyang magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa worker, at mas maayos kung mananatili ang residente sa ibang kwarto. Ang mga papasok sa unit ay dapat magsuot ng mga face mask at disposable na guwantes, at magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa residente.
- Hindi kailangang ialerto ang mga residente tungkol sa mga posibleng kaso.

Ligtas na magtrabaho sa mga residensyal na unit

- Limitahan ang pagmementina sa mga unit hangga't puwede. Kailangang gawin ng mga tauhan na papasok sa unit ng isang residente ang sumusunod:
- Maghugas ng mga kamay o gumamit ng sanitizer (na may hindi bababa sa 60% alcohol) bago pumasok. Magsuot ng malinis na guwantes kung posible.
 - Magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga residente.
 - I-disinfect ang lahat ng surface ng trabaho bago umalis sa unit.
 - Magsuot ng proteksyon sa mukha – sapat na ang mga takip sa mukha na gawa sa tela, basta't magagawa ng worker na magpanatili ng naaangkop na pisikal na distansya. Kung inaasahang may tatalisik o matatapon, magsuot ng guwantes, proteksyon sa mata, at alisin ang anumang narumihang damit pagkatapos ng pagbisita.

Ano ang dapat kong gawin kung sa palagay ko ay nalantad ako sa COVID-19?

- Makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa payo, at sundin ang gabay mula sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco, na madalas na ina-update sa <https://www.sfdcpc.org/covid19>

Paano kung na-diagnose na may COVID-19 ang isang residente o napag-alamang malapitan niyang nakasalamuha ang isang taong na-diagnose na may COVID-19, at alam na Nag-aa-isolate o Nagka-quarantine siya sa bahay?

- Puwedeng piliin ng mga residenteng ito na magpakilala, at puwede silang humingi ng tulong para magawa nilang mag-isolate o mag-quarantine. Gayunpaman, hindi ibabahagi ang kanilang pagkakakilanlan sa iba pang residente.



Kasama sa mga inirerekomandang kagawian sa sitwasyong ito ang:

- **Mga Kahilingan sa Serbisyo at Access sa Apartment:** Suspindihin ang access sa apartment para sa regular na pagmementina, pagkukumpuni, at inspeksyon. Dapat lang pumasok sa apartment para sa mga emergency na pagkukumpuni. Kung kailangan ng emergency na pagkukumpuni:
 - Abisuhan ang residenteng buksan ang lahat ng bintana sa apartment habang naroon ang mga tauhan para sa pagkukumpuni.
 - Atasan ang residenteng manatili sa apartment, nang malayo sa lokasyon ng pagkukumpuni, at magsuot ng takip sa mukha habang nasa apartment ang mga tauhan para sa pagkukumpuni.
- **Mga Package Delivery:** Iwanan ang mga package sa labas ng pinto ng apartment para maiwasan ang malapitang pakikisalamuha sa isang residenteng nag-aa-isolate nang mag-isa o nagka-quarantine. Gumawa ng iskedyl para sa pag-abiso ng mga tao kapag may mga dumarating silang package.
- **Pagtatapon ng Basura:** Mag-iskedyul ng door-side na pag-pick up ng basura. Atasan ang residenteng iwanan ang mga basura sa labas ng pinto sa harap ng unit.
- **Pag-aalaga ng Hayop:** Dahil hindi papayagan ang mga residente na lumabas sa kanilang unit maliban kung para sa medikal na pangangalaga, posibleng gumamit sila ng mga serbisyo gaya ng mga dog walker para maalagaan ang kanilang mga alagang hayop.
- **Mga Serbisyo ng Vendor:** Ang mga vendor na regular na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga apartment ay dapat abisuhang naspuspende ang serbisyo sa pinag-uusapang apartment, nang hindi sinasabi sa kanila ang dahilan ng pagkakaspuspende. Kung nag-aalok ka ng door-side na pag-pick up ng basura, puwede itong magpatuloy.
- **Mga Medikal na Pagpapatingin:** Kung kailangan ng residente na lumabas sa unit para sa isang kinakailangang medikal na pagpapatingin, atasan siyang magsuot ng face mask o takip sa mukha habang nasa complex at paradahan at kapag nasa labas siya ng kanyang unit.
- **Mga Nakakasalamuha ng Kaso:** Ang mga residenteng may (o pinaghihinalaang may) COVID-19 ay inaatasang mag-abiso sa kanilang mga contact tungkol sa posibleng pagkakalantad, at ipaalam sa kanila ang pangangailangang mag-quarantine; hindi ito responsibilidad ng manager ng apartment. Pero dapat gawin ng manager ng apartment ang mga pag-iingat na nakasaad sa itaas para maiwasang malantad ang mga tauhan at ang iba pa.
- **Mga Pagsusuri para sa Kapakanan ng Residente:** Pag-isipang mag-alok ng serbisyo sa pangungumusta gamit ang telepono para sa mga tenant na walang kasama sa bahay para matiyak ang kanilang kalusugan at kaligtasan habang sila ay nagka-quarantine o nag-aa-isolate.
- Kung patuloy na regular na lilinis ang mga lugar na maraming gumagamit, makakampante ang iba pang tenant kung pipiliin ng isang residente na ibahagi sa iba na siya ay nagka-quarantine o nag-aa-isolate nang mag-isa.

Pagprotekta sa Privacy ng Residente at Empleyado.

- Huwag ibahagi ang impormasyon tungkol sa kalusugan at status ng residenteng nagka-quarantine/nag-aa-isolate nang mag-isa, o tungkol sa apektadong empleyado sa iba pang residente o empleyado. Wala ring dahilan para abisuhan ang Pampublikong Kalusugan tungkol sa anumang kaso sa iyong gusali, at hindi rin aabisuhan ng Pampublikong Kalusugan ang manager/may-ari ng property o gusali tungkol sa anumang kaso na nakatira sa gusali.



Mga Karagdagang Mapagkukunan

Gusto naming kilalanin ang ginawa ng ibang lungsod na nakatulong sa paghahanda sa Gabay na ito

Seattle

<https://kingcounty.gov/depts/health/communicable-diseases/disease-control/novel-coronavirus/housing.aspx>

Los Angeles

<http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/GuidanceMultifamilyResidences.pdf>

New York

<https://www1.nyc.gov/assets/doh/downloads/pdf/imm/covid-19-residential-buildings-faq.pdf>

Chicago

<https://www.chicago.gov/content/dam/city/depts/cdph/HealthProtectionandResponse/COVID-19%20Guidance%20for%20Residential%20Buildings%2004.01.2020.pdf>